



**Mga Alituntunin para sa Pagpapanatili sa Bahay ng Mga Estudyanteng May Sakit**

Upang makapagbigay ng isang malusog na kapaligiran sa paaralan para sa lahat ng estudyante at kawani, inihanda ang mga sumusunod na alituntunin upang tulungan ka sa mga desisyon na may kaugnayan sa kalusugan at pagpasok sa paaralan ng iyong estudyante. Ito ay mga pangkalahatang patnubay. Maaaring gumamit ng mga klinikal na pagpapasya ang mga nars ng paaralan upang magdesisyon kung ibubukod o hindi ang isang estudyante.

- ❖ Kung masama ang pakiramdam ng iyong estudyante at hindi ka sigurado tungkol sa pagpapapasok sa kanila sa paaralan sa anumang partikular na araw, pinakamabuting panatilihin ang iyong estudyante sa bahay at obserbahan sila para sa lumalalang mga sintomas.
- ❖ Sakit na COVID-19: Kung ang iyong estudyante ay may anumang bagong sintomas ng COVID-19 na hindi maiuugnay sa isang matagal nang kondisyon, mangyaring kumuha ng pagsusuri para sa COVID-19. Kung negatibo ang pagsusuri sa COVID-19, maaaring bumalik ang iyong estudyante sa paaralan kapag bumuti na ang mga sintomas na ito, kahit na hindi pa ganap na nalunasan.

Mangyaring huwag papasukin sa paaralan ang isang estudyante na may mga sumusunod na sintomas:

<b>Sipon / Trangkaso</b>	Kung sila ay may labis na pagtulo ng sipon, labis na pag-ubo, nahihirapang huminga, mukha/kumikilos na lubhang may sakit.
<b>Singaw (Cold Sores)</b>	Kung sila ay naglalaway o sinusubo ang mga laruan kapag sila ay may singaw ( <i>cold sores</i> ).
<b>Positibo sa COVID-19</b>	Maaaring bumalik sa paaralan ang estudyante basta't maayos na ang kanilang pakiramdam, bumubuti na ang mga sintomas at wala nang lagnat sa loob ng 24 na oras.
<b>Ubo / Kinakapos na Paghinga / Nahihirapang Huminga</b>	Kung may hirap na paghinga (pagbigat ng mga kalamnan sa dibdib sa bawat paghinga), mabilis na paghinga nang nakapahinga, asul na kulay a balat, o pag-wheez (kung hindi pa nasuri o nagamot dati). Maaaring pumasok ang estudyante sa paaralan kung ang mga sintomas ay bahagi ng na-diagnose na pinagbabatayang kondisyon.
<b>Pagtatae</b>	Kung sila ay nagtatae ng 2 o higit pang beses sa isang araw. Maaaring bumalik sa paaralan ang estudyante kapag napipigilan ang pagtatae, kahit na hindi pa ito ganap na nalunasan.
<b>Impeksyon sa Mata</b>	Kung ang kanilang mga mata ay mapula na nagluluha o nagluluha na mga mata.
<b>Lagnat / Nilalamig o Nanginginig</b>	Kung sila ay may temperaturang nasa o higit sa 100.0°F. Maaaring bumalik sa paaralan ang estudyante kapag hindi na nilalagnat (<100.0°F) nang walang gamot na pampababa ng lagnat sa loob ng hindi bababa sa 24 na oras. Kung wala kang thermometer, mangyaring huwag papasukin ang iyong estudyante kung sila ay nilalamig o nanginginig.
<b>Sakit ng Ulo</b>	Kung matinding sakit ng ulo na may pagsusuka o naninigas na leeg. Mangyaring makipag-ugnayan sa doktor sa pangunahing pangangalaga ng iyong anak para sa karagdagang pagsusuri.
<b>Pantal na Hindi Na-diagnose</b>	Dapat ang pantal ng estudyante ay nasuri ng isang propesyonal sa kalusugan. Kung na-diagnose ang estudyante na may impetigo, scabies, o buni ( <i>ringworm</i> ), maaari silang bumalik sa paaralan kapag nagsimula na ang paggamot.
<b>Namamagang Lalamunan</b>	Kung hindi sila makalunok, may labis na paglalaway, nahihirapang huminga, lagnat o pagbabago ng pag-uugali.
<b>Sakit ng Tiyan</b>	Kung ang matinding pananakit ay nagdudulot ng pamimilipit, pag-iyak, pagsigaw, pinsala sa tiyan, pagtatae, mukha at kumikilos ng may sakit.
<b>Pagsusuka / Pagduduwal</b>	Kung nagsuka sila ng dalawa o higit pang beses sa loob ng nakalipas na 24 na oras. Mangyaring ipagbigay-alam sa paaralan kung nagsuka ang estudyante bago pumasok sa paaralan.

**Antibiotics**

Ang mga estudyante na umiinom ng antibiotics para sa impetigo, strep throat, at ilang iba pang bacterial na impeksyon ay dapat na inumin ang mga ito sa loob ng buong 24 na oras (5 araw para sa Pertussis/Whooping na Ubo) bago bumalik sa paaralan. Kung hindi ka sigurado, tanungin ang inyong nars sa paaralan o ang tagapagbigay ng pangunahing pangangalaga ng iyong anak.